

1ST QUARTERLY ASSESSMENT

GMRC 3

SY 2025-2026

Name: _____

Date: _____

Section: _____

Teacher: _____

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng tiwala sa sarili?

- A. Pagsunod lang sa iba
- B. Pagtanggap at paggamit ng sariling kakayahan
- C. Pag-aalinlangan sa sarili
- D. Pagtatago ng talento

2. Ano ang dapat gawin upang matutong mag-impok?

- A. Gumastos ng sobra
- B. Ipunin ang sobrang baon
- C. Ibigay lahat sa kaibigan
- D. Bilhin agad ang gusto

3. Paano mo maipapakita ang pagtitipid sa tahanan?

- A. Pagsasayang ng tubig
 - B. Paggamit ng ilaw buong araw
 - C. Pagpapatay ng ilaw kapag hindi kailangan
 - D. Pagsisigaw
4. Paano mo maipapakita ang tiwala sa sarili sa paaralan?
- A. Pagtatago sa sulok
 - B. Pagtayo sa harap ng klase upang sumagot
 - C. Pagtawa sa sarili
 - D. Pagsumbong agad
5. Bakit mahalagang gampanan ng isang bata ang kanyang tungkulin sa paaralan?
- A. Upang maging bida
 - B. Upang mapuri
 - C. Upang maging responsable
 - D. Upang makaiwas sa trabaho
6. Paano naipapakita ang pagkilala sa pansariling karapatan?
- A. Pagpapabaya sa sarili

B. Paggalang sa sariling opinyon at desisyon

C. Pagsunod sa lahat kahit mali

D. Pagtatago ng saloobin

7. Paano mo maipapakita ang paggalang sa Diyos?

A. Sa pagmumura

B. Sa pagdadasal at pagsunod sa utos ng magulang

C. Sa paninira

D. Sa panloloko

8. Ano ang epekto ng malinis na kapaligiran sa pamayanan?

A. Pagkakasakit

B. Kaguluhan

C. Kaayusan at kaligtasan

D. Pagtatapon ng basura

9. Ano ang isang simpleng paraan upang makatulong sa kalinisan sa paligid?

A. Pagtapon ng balat ng kendi sa daan

B. Pagwawalis ng bakuran

- C. Pagkalat ng basura
- D. Paglalakad sa putikan

10. Bakit mahalaga ang pagtutulungan sa loob ng tahanan?

- A. Para hindi mapagod ang magulang
- B. Para magkaroon ng masayang samahan
- C. Para mapagsabihan ang kapatid
- D. Para hindi mapansin

11. Paano makatutulong ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili sa pagharap sa mga suliranin?

- A. Maiwasan ang lahat ng problema
- B. Makapagdesisyon nang may tapang at pag-iisip
- C. Maiwasan ang pananagutan
- D. Makalimot sa problema

12. Bakit mahalagang tukuyin ang sariling hilig at kakayahan?

- A. Upang makipag-away
- B. Upang magmalaki
- C. Upang makilala at mapaunlad ang sarili

D. Upang hindi na matuto pa

13. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng masamang ugali sa paggamit ng pera?

A. Pag-iimpok

B. Pagtitipid

C. Pagsasayang sa luho

D. Pagtulong sa pamilya

14. Ano ang layunin ng pag-iimpok at pagtitipid kasama ang pamilya?

A. Makabili ng mamahaling bagay

B. Mapanatiling maayos ang gastusin at makaipon

C. Makapagtago ng pera

D. Makalaban sa gastos

15. Paano mo maipapakita ang pagiging responsable sa gawaing bahay?

A. Pag-iwas sa gawaing bahay

B. Pag-utos sa iba

- C. Pagtulong sa takdang oras at walang pag-aalinlangan
- D. Pagtatago

16. Ano ang epekto ng hindi pagtupad sa sariling gampanin sa tahanan?

- A. Masayang pamilya
- B. Magulong tahanan
- C. Tahimik na paligid
- D. Masarap na pagkain

17. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong upang mapanatiling maayos ang silid-aralan?

- A. Pagkakalat
- B. Pagdadaldal
- C. Paglilinis at pagsunod sa patakaran
- D. Pagkakain sa mesa

18. Ano ang nararapat gawin kung may taong naninira sa kalikasan?

- A. Balewalain

B. Gayahin

C. Ipagbigay-alam at pigilan sa maayos na paraan

D. Itago

19. Paano ka magiging huwarang bata sa inyong pamayanan?

A. Pagpapakita ng kabutihan at disiplina

B. Pag-aaway sa kalsada

C. Pag-iwas sa gawain

D. Pagyayabang

20. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba?

A. Pagtawa sa kanilang relihiyon

B. Pakikinig at hindi panunuya

C. Pagpuna sa dasal nila

D. Pagkumpara sa kanila

21. Paano makatutulong ang pansariling karapatan sa isang bata?

- A. Upang mag-utos sa iba
- B. Upang hindi tumulong
- C. Upang makilala ang sariling halaga at dignidad
- D. Upang laging tama

22. Ano ang ginagawa ng batang responsable kung may bisita sa bahay?

- A. Nagtatago sa kwarto
- B. Hindi bumabati
- C. Bumabati at nag-aalok ng upuan
- D. Nagagalit

23. Paano mo mapapanatili ang kalinisan sa kapaligiran araw-araw?

- A. Pagtatapon ng basura kahit saan
- B. Pagtulong sa pag-aayos ng basura at pagwawalis
- C. Paglalakad sa putikan
- D. Pagwasak ng taniman

24. Bilang batang may pananampalataya, paano mo ipapakita ang respeto sa mga gawaing panrelihiyon?

- A. Pagsisigaw sa simbahan
- B. Pagtulog habang misa
- C. Tahimik na pakikinig at pakikibahagi
- D. Panunuya

25. Ano ang gampanin ng bata sa panahon ng kalamidad?

- A. Magtago ng gamit
- B. Manood ng TV
- C. Tumulong at sumunod sa patakaran
- D. Sumigaw ng malakas

26. Ano ang ginagawa ng batang may disiplina sa paggamit ng pera?

- A. Gumastos sa walang kabuluhan
- B. Nagtitipid at nag-iimpok
- C. Laging humihingi
- D. Nangungutang

27. Anong pag-uugali ang dapat taglayin sa pagtupad ng tungkulin?

- A. Pagmamataas
- B. Pagpapabaya
- C. Pagsisikap at katapatan
- D. Pagkakaila

28. Paano mo ipapakita ang tiwala sa sarili sa gitna ng pagsubok?

- A. Pag-iwas sa problema
- B. Pag-iyak agad
- C. Pagharap dito ng may tapang
- D. Pagtakbo palayo

29. Ano ang maaaring mangyari kung lahat ay gumaganap ng tungkulin sa pamayanan?

- A. Magulo
- B. Mabagal
- C. Maayos at tahimik
- D. Marumi

30. Bakit mahalagang gumalang sa paniniwala at tradisyon ng iba?

- A. Upang mag-away
- B. Upang magkaroon ng pagkakaisa at respeto
- C. Upang matawag na matalino
- D. Upang lumikha ng gulo

Answer Key

1. B

2. B

3. C

4. B

5. C

6. B

7. B

8. C

9. B

10. B

11. B

12. C

13. C

14. B

15. C

16. B

17. C

18. C

19. A

20. B

21. C

22. C

23. B

24. C

25. C

26. B

27. C

28. C

29. C

30. B